

Varyasyong Ponolohikal ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental

Raymund M. PASION¹ and Mary Ann S. SANDOVAL²

¹Asst Professor, Davao Oriental State College of Science & Technology, City of Mati, Davao Oriental; ²Assoc. Professors Mindanao State University - Iligan Institute of Technology
Iligan City

Corresponding author: raypasion@yahoo.com

Abstrak

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang varyasyong ponolohikal at ang finggwistikaf na katangiang makikita sa wikang Mandaya na kaiba sa wikang Filipino na matatagpuan sa munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga, at Cateel ng Probinsyang Davao Oriental, sa pamamagitan ng paglilikom at pagtatala ng mga terminong kultural na pangkabuhayan-pagsasaka, pangangaso, pangangisda at paghahayupan, batay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) at pagsasalin sa The Swadesh Word List ni Morris Swadesh. Metodong kwalitatibo ang ginamit sa pag-aaral na ito bagama't nahahalan ng kwantitibo dahil sa minsang paggamit ng bilang at porsyento. Ang paraan o metodong indehinus at deskriptibo ang ginamit mula sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos. Ang mga impormante ay napili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling. May varyasyon ang wikang Mandaya sa apat na munisipalidad. Batay sa ponolohikal ay karaniwang nawawala ang tunog na /h/ sa mga salitang ginagamit sa Caraga at Manay kaysa sa mga salitang ginagamit sa Baganga at Cateel. Samantala, nananatili naman ang tunog na /el/ (swa) at ponemang /I-I/ (glide l) sa Caraga at Manay, unti-unti itong nawawaia sa Baganga at hindi na ito naririnig sa mga saiita sa Cateel. Sa pangkalahatan, dahil sa paktor na heograpikal, sikolohikal at sosyolohikal na nagaganap sa wikang Mandaya, hindi maiiwasang magkaroon ng varyasyon sa ponolohikal na aspekto nito.

Mga Susing-Saiita: terminong pangkabuhayan, varyasyong ponolohikal, wikang Mandaya

Introduksyon

Ang varyasyong ponolohikal ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng ponema o tunog ng isang wika. Alin mang wika sa daigdig ay binubuo ng set ng mga makabuluhang tunog. Ang isang partikular na tunog ay nagiging makabuluhan sa isang partikular na wika kung negagawa nitong baguhin ang kahulugan ng isang salita sakating ito ay

tanggalin o kaya'y palitan mga katutubong Mandaya ay matatagpuan sa probinsya ng Silangang Davao ng Mindanao Mandaya rin ang tawag sa kanilang ginagamit na wika. Itinuturing na Indigenous People (IP) ang mga Mandaya. Nabibilang ito sa 110 katutubo ng Pilipinas. Ang katagang Mandaya ay nagmula sa mga salitang man (tao) at daya (itaas na bahagi o itaas na bahagi ng flog), Dahil rin ditQ, ang mga Mandaya ay tinatawag na inhabitants of the uplands (<http://mvw.ncip.gov.ph>). Naninirahan ang mga Mandaya sa bulubunduking bahagi ng Timog-Silangang Mindanao na binubuo ng Davao del Norte, Compostella Valley, Agusan del Sur, at Davao Oriental. Ang Davao Oriental ang may pinakamaraming populasyon ng mga Mandaya.

Bagama't iisang katutubong pangkat o grupo, napaghihiwalay ang mga Mandaya ng mga bundok at iba pang hangganan. Dahil sa heograpikal na sitwasyong ito, pinaniniwalaang umiiral ang varyasyon o dayalektal na varayti ng wikang Mandaya sa iba't ibang grupong gumagamit nito _

Sa kaso ng varyasyong ponolohikal ng mga dayalekto ng isang wika, ang pagkakaibaibe ng ponema ay maaaring mangahuiugan hindi lang ng pagbabago ng kahulugan kundi batayan ng pegkakakilanlan ng grupo na gumagamit ng naturang dayalekto.

Sa pag-aaral na ito, inilahad ang mga natuklasang varyasyong ponolohikal ng Mandaya sa apat na munisipalidad. Ang

Layunin

Layunin ng pag-aaral na tukuyin ang varyasyon o mga varyasyong ponolohikal na makikita Sa mga terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan batay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) ng mga Mandaya na matatagpuan sa mga munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Probinsiyang Davao Oriental. Gayundin, ang linggwistikal na katangiang makikita sa Wikang Mandeya na kaiba sa wikang Filipino.

Konseptwal na Batayan

Ang konseptwal na batayan Sa pag-aaral ay katulad din sa nabanggit na artikulong makita sa isyung itc (p. 43).

Pinaniwalaang nagkaroon ng varyasyong ponolohikal ang IKSP ng Mandaya tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan.

Metodolohiya

Pinaniwalaang nagkaroon ng varyasyong ponolohikal ang IKSP ng Mandaya tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan. Ang metodong ginamit sa pagaaral na ito ay katulad din sa metodong nabanggit sa sinundang artikulo na makita sa isyung ito (p. 44). Subalit, ginamit din ang kwantitatibong disenyo dahil sa minsang paggamit ng bilang at porsyento. Gayundin, naidagdag ang pamamaraang istruktural na analisis sa pag-aanalisa ng mga datos upang maipakita ang sistemang pangwika o ang pagbabago-bagong nagaganap sa wika tulad sa paraan

ng pagbigkas ng mga salita sa wikang Mandaya batay sa lokasyon.

Isinaalang-alang ang pagpapangkatpangkat ng mga lugar ayon sa varyasyong magkakatulad, may pagkakatulad gayundin sa pagkakaiba nito sa isang lugar patungo sa iba pang lugar na pinaghahambing.

Ang varyasyong ponolohikal ay batay sa mga terminong IKSPng pangkabuhayan at swadesh word list na inalam sa pamamagitan ng pakikinig sa paraan ng pagbigkas ng mga salita at pagsulat ng notasyong ponemiko nito.

Mga Resulta

A. Ang Ponemang /h/

Mula sa mga panayam at pananaliksik, tanggap ang katotohanang walang ponemang /h/ ang wikang Mandaya. Subalit, natuklasang may mga pagkakataong narinig na ginagamit ng ilang Mandaya ang tunog na ito sa kanilang salita. Pansinin ang ilang mga halimbawang makikita sa Talahanayn 1.

Sa talahanayang ito ay inihanay ang lahat ng mga salitang nakalap na naringgan ng ponemang /h/ at inihambing ito sa salita mula sa ibang munisipalidad. Makikitang tanging sa munisipalidad lamang ng Baganga at Cateel matatagpuan ang ponemang /h/. Ang pagkakaroon ng tunog na /h/ sa Baganga ay hindi laging nagaganap hindi tulad ng mga salita mula sa Cateel' pawang may ponemang /h/ na lahat.

Ayon sa mga impormanteng nakapanayam sa Baganga at Cateel, ang mga lugar na ito sa kasalukuyan ay naiimpluwensiyahan na ng ibang taong nabibilang sa ibang pangkat ng lipunan, sekta o relihiyon. Ang pagkakasal ng dalawang magkaibang pinagmulan (intermarriage) ay isa ring dahilan ng pagbabago ng katangian ng wika. Lumilitaw dito ang unti-unti nang pagbabago ng kanilang wika dahil sa impluwensya ng mga tao sa kanilang paligid na may iba ring kulturang kinagisnan.

Dagdag pa nila, malaking dahilan din ng pagbabago ng wikang Mandaya ang pagnanais nilang makibagay sa iba.

May damdamin ng diskriminasyon ang ilang Mandaya na kung saan iniisip nilang minamaliit o may negatibong pagtingin sa kanila ang ibang grupo na kasama nilang namumuhay sa isang pamayanan. Sa pagnanais na makiayon o makisama, nagbabago ang kanilang pag-uugali, pananamit, paniniwala at pananalita.

Isa pang nakitang dahilan ng pagkakaroon ng varyasyon ay ang impluwensya ng mga dayuhan o taong mula sa ibang lugar na nakararating sa lugar ng mga Mandaya. Ang pinagaralang mga lugar sa pag-aaral na ito — tulad ng Brgy Binondo, Mahan-ub at Campawan ng munisipalidad ng Baganga, gayundin sa Brgy. Abejed sa Munisipalidad ng Cateel na pinanggalingan ng mga impormanteng nakapanayam ay malalapit lamang sa poblasyon o sentro ng kanilang mga munisipalidad. Sa pangangalakal, naging lantad ang mga Mandaya sa mga dayuhan sa kanilang lugar, dahilan upang maimpluwensyahan ang kanilang wika dahil sa pagpipilit nilang magkaroon ng maayos na usapan sa pagitan ng mga dayuhan.

B. Ang Tunog /θ/ o Swa

Isa pang kapansin-pansin sa aspektong ponolohikal ng wikang Mandaya ay ang pagkakaroon ng tunog na swa o ponemang /ə/. Sa pag-iisa-isa ng mga nairekord na mga datos, natagpuan ang mga salitang kinaranggan ng tunog na swa. Tinipon ito at hinanay sa Talahanayan 2.

Talahanayan 1. Ang ponemang /h/ sa wikang Mandaya ng Davao Oriental

Big.	Munisipalidad				Filipino
	Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
1	aba <i>/ʔa:baʔ/</i>	aba <i>/ʔa:baʔ/</i>	aba <i>/ʔa:baʔ/</i>	haba <i>/ha:baʔ/</i>	haba
2	buwaon <i>/buwa:ʔon/</i>	buwaa <i>/buwa:ʔaʔ/</i>	bowaha <i>/bowa:haʔ/</i>	bowahon <i>/bowa:hon/</i>	pagduyan
3	ii <i>/ʔi:ʔi/</i>	i <i>/ʔiʔ/</i>	ihi <i>/ʔihʔ/</i>	ihii <i>/ʔihʔiʔ/</i>	ihii
4	ilaw (na kamote) <i>/ʔilaw/</i>	ilaw (na kamote) <i>/ʔilaw/</i>	hilaw (na kamote) <i>/ʔhilaw/</i>	hilaw (na kamote) <i>/ʔhilaw/</i>	kamoteng hilaw
5	kamoteng-kaoy <i>/kamo:teŋ.ka:ʔoy/</i>	kamoteng-kaoy <i>/kamo:teŋ.ka:ʔoy/</i>	kamoteng-kahoy <i>/kamo:teŋ.ka:hoy/</i>	kamoteng-kahoy <i>/kamo:teŋ.ka:hoy/</i>	kamoteng- kahoy
6	maaba <i>/maʔabaʔ/</i>	maaba <i>/maʔabaʔ/</i>	maba <i>/ma:baʔ/</i>	mahaba <i>/mahabaʔ/</i>	mahaba
7	ugas <i>/ʔu:gas/</i>	ugas <i>/ʔu:gas/</i>	hugas <i>/hu:gas/</i>	hugas <i>/hu:gas/</i>	hugas (wash)
8	yagauya <i>/yaga:ʔuyaʔ/</i>	magauya <i>/maga:ʔuyaʔ/</i>	maguya <i>/maguyaʔ/</i>	gahuya <i>/gahuyaʔ/</i>	nakatirá

Talahanayan 2. Mga salitang may tunog na Swa o /ə/ sa wikang Mandaya ng Davao Oriental

Big.	Munisipalidad					
	Caraga	Filipino	Manay	Filipino	Baganga	Filipino
1	dubdub <i>/de:bdeb/</i>	tiyan	inom <i>/ʔinəm/</i>	inum	guba <i>/guebaʔ/</i>	sira
2	daot <i>/daʔet/</i>	sirâ	mabugat <i>/mabegat/</i>	mabigat	maguba <i>/magebaʔ/</i>	masira
3	dudungog <i>/de:deŋog/</i>	narinig	madamolʔ <i>/made:mol-ʔ/</i>	makapal	yaguba <i>/yagebaʔ/</i>	nasira
4	matungtong <i>/mate:ŋteŋ/</i>	totoo / tuney	gutgut <i>/getget/</i>	puyos		
5	mangayso <i>/maŋa:yseʔ/</i>	bata o anak	giwod <i>/gi:wed/</i>	gapang		
6	gatub <i>/gateb/</i>	lungga ng dagâ	maguba <i>/magebaʔ/</i>	masira		
7	dupa <i>/dapaʔ/</i>	dipa				
8	pigok <i>/pi:gek/</i>	uri ng isda				
9	utok <i>/ʔe:tək/</i>	aligí				
10	tangon <i>/ta:ŋən/</i>	pugad				

Makikita rin sa Talahanayan 2 na hindi lahat ng dayalekto ng Mandaya sa Davao Oriental ay nagtataglay ng tunog na swa sa kanilang pagsasalita. Naging karaniwan lamang ito sa Caraga, Manay at sa banghay ng salitang-ugat na Sira sa Baganga. Samantalā nawawala na ito o hindi na naririnig sa mga Mandaya sa munisipalidad ng Cateel. Kung itatahad sa isang pie chart (Figyur 1) ang mga nakalap na salitang may tunog na swa, makikita kung saang lugar ito laganap o talagang ginagamit.

Ang pagkakaroon ng tunog na swa ay likas sa wikang Mandaya. Nawawala ó nababago lamang ito sa ibang lugar dahil sa ibat ibang situasyong naipaliwanag na sa unang bahagi, ang pagkakaroon ng tunog na /h/ sa ibang dayalekto ng Mandaya.

C. Ang Glide | o /|~/

Ang pinakalitaw na katangiang ponolohikal sa wikang Mandaya ay ang pagkakaroon ng glide | o /|~/ . May kakaibang tunog na maririnig sa wikang Mandaya na isa sa lumalarawan ng kanilang pagkakakilanlan. Maririnig sa kanilang pagsasalita ang pagtaglay ng tunog ng /|. Subalit tulad ng mga sitwasyong una nang nagpaliwanag, nagkaruon ng varyasyon sa aspektong ito sapagkat nawawala na ang | sa ibang lugar ng mga mandaya. Pansinin ang ilang mga halimbawang inilahad sa Talahanayan 3.


Sa tulong pa rin ng isang pie chart (Figyur 2), makikitang sa munisipalidad ng Car-aga at Manay matatagpuan ang pinakamaraming nakalap na salitang may glide l. Samantala bihira o pawafa na ito sa munisipalidad ng Baganga at Cateel.

Sa tulong pa rin ng isang pie chart (Figyur 2), makikitang sa munisipalidad ng Car-aga at Manay matatagpuan ang pinakamaraming nakalap na salitang may glide l. Samantala bihira o pawafa na ito sa munisipalidad ng Baganga at Cateel.

Ang ponemang /l~/ ay tinutumbasan ng l sa pagsulat ng mga Mandaya. Walang ortograpikong paliwanag kung bakit ganito ang kanilang panumbas subalit may pangyayari sa kanilang kasaysayan kung bakit ito ang kanilang ginagamit sa pagsulat. Taong 1998, ang organisasyong Tribal Professional and Students Solidarity (TRIPSS) sa pamumuno ni Tserman Nestor C. Masinaring ay nagsagawa ng isang asembleya. Ang asembleyang ito ay dinaluhan ng mga Mandayang kumakatawan sa propesyunal mula Sa iba't ibang lugar na sakop ng tatlong Probinsya— Davao Oriental, Davao del Norte at Compostela Valley at mga estudyanteng mula sa kolehiyo. Isa sa paksang tinalakay nang asembleyang ito ay ang pagkaroon ng konsistensi sa paggamit ng glide i Sa pagsulat. Noong hindi pa ginanap ang naturang asembleya ay napansin na ng mga Mandayang propesyunal eng pagkalito at iba't ibang paggamit o hindi paggamit ng apostropi sa pagitan ng dalawang i upang tumbasan ang tunong na / l~/ at maihiwalay ito sa tunog na m. upang maiwasan ang hindi pegkakaunawaan sa usaping ito, nagkajsa ang lahat ng mga dumalo sa naturang asembleya na sa kaniiang pagsulat ang anyong l (may apostropi Sa pagitan ng dalawang l) upang madarawan

ang bigkas nitong glide l o /l~l/ sa kanilang mga satita.


Batay sa pag-aaral, ipinakikita sa Figyur 3 ang bilang ng mga ponemang patinig at katinig ng wikang Mandaya sa apat na munisipalidad.



Figyur 1. Bilang ng mga salitang may /ə/ o swa sa wikang Mandaya ng Davao Oriental

Talahanayan 3. Mga salitang may glide l o /l~l/ sa wikang Mandaya ng Davao Oriental

Blg.	Munisipalidad				Filipino
	Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
1	/ʔal~lawəʔ/	/ʔal~lawəʔ/	/ʔal~lawəʔ/	/si:kpaw/	triyanggulong net na panghuli ng isda
2	/ʔal~loʔ/	/ʔal~loʔ/	/ʔal~loʔ/	/ha:ʔoʔ/	halo
3	/ʔantatal~loʔ/	/ʔantata:l~loʔ/	/ʔantatawoʔ/	/ʔu:d/	uók
4	/ʔatul~lon/	/ʔatol~lon/	/ʔato:n/	/ʔato:n/	apóy
5	/bal~la:gon/	/bul~la:gon/	/bala:gon/	/ba:gon/	baging
6	/bal~lakat/	/bal~lakat/	/pakat/	/bal~lakat/	daanan ng tuta
7	/byal~la:wəŋ/	/bal~la:wəŋ/	/bawəŋ/	/bala:wəŋ/	paraan ng paghuli ng hayop
8	/dal~lumpi:ŋan/	/dal~lawpi:ŋan/	/dal~lupi:ŋan/	/dawpi:ŋan/	uri ng isda
9	/ka:l~lal~lon/	/kal~lal~lon/	/kal~lal~lon/	/kalalon/	balat ng itlog
10	/ka:l~law/	/ka:l~law/	/ka:l~law/	/ka:w/	uri ng ibon
11	/kal~log/	/kal~log/	/kal~log/	/watiʔ/	bulating maliit
12	/katu:mbal~l/	/katu:mbal~l/	/katu:mbal~l/	/kato:mbaw/	sili
13	/kukul~lon/	/kukul~lon/	/kukul~lon/	/kukuhon/	kuko
14	/kul~luŋan/	/kul~luŋan/	/kul~luŋan/	/kul~luŋan/	hawla
15	/mada:kmul~l/	/made:mol~l/	/mada:kmol~l/	/mada.kmo:ʔ/	makapal



Figur 2. Bilang ng mga salitang may glide l o /l~l/ sa wikang Mandaya ng Davaoi oriental

Mga Ponema	Crg	Mny	Bngng	Ctl
Patinig: /a,e,i,o,u,ə/	6 (ə)	6 (ə)	6 (ə)	5
Katinig: /b,d,k,g,h,l,l~l,m,n ,ŋ,p,r,s,t,w,y,ʔ/	16	16	17 (h)	17 (h)
Kabuuan =	22	22	23	22

Figur 3. Bilang/mga ponema sa wikang Mandaya ng Davao Oriental

Matatagpuan sa Baganga ang lahat ng ponema ng iba't ibang dayalekto ng wikang Mandaya bagamat hindi ito nangangahulugan na Sa lugar na ito maririnig ang purong Mandaya. Batay Sa mga naunang paglalahad, ang pagkakaroon ng tunog na swa o ponemang /ə/ at glide I o ponemang /I~I/ ay likas Sa munisipalidad, ng Caraga at Manay. Bihira nang marinig ang mga ito sa Baganga at nawala nang lubos Sa Cateel. Samantala, sadyang walang ponemang /h/ Sa Caraga at Manay. Bihira itong marinig Sa Baganga at maririnig naman sa maraming salita ng Cateel.

Natuklasan na naging malaki ang pagbabagong naganap Sa wikang Mandaya sa Cateel. Unti-unti na ring naiimpluwensyahan ang Mandaya sa Baganga, patunay ang pag-aadap nito Sa ketangian ng ibang Wika (pagkakaroon ng /h/ at pagkawala ng /ə/ at /I~I/). Tulad ng nabanggit na, ilan sa mga pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng ganitong varyasyon ay intermarriages, pakikibagay at pangangalakot o pakikitungo sa mga dayuhan.

Konklusyon

Ang mga sumusunod ay ang nabuong kongklusyon ngmganatuklasan sa pagaaral:

1. Ang pagkakaroon ng varyasyong linggwistikal Sa wikang Mandaya sa mga munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga at Cateel ay maaaring dahilan ng heograpikal, sikolohikal, at sosyolohikal na aspekto.
 - a. Upang hindi maliitin 0 makaranas ng diskriminasyon, nakibagay ang mga Mandaya sa iba't ibang aspekto tulad ng kanilang pananalita. Isa ito sa dahilan ng pagbabago ng kanilang wika. Ginagamit na rin nila sa kanilang pagsasatita ang paraan ng pananalita ng ibang grupo.
 - b. Sa pakikisalamuha sa ibang grupo, naiimpluwensyahan ang mga Mandaya sa kanilang pakikipagtalastasan. Ang pakikipamuhay kaserna ang ibang grupo ay isang dahilan kung bakit nababago ang kanilang wika. Maging ang pakikipagkalakalan ay nakaaapekto rin sa kanilang wika.
2. Tatak ng isangwikaang katangiang natatangi at iba sa maraming wika. Tulad ng Mandaya, bilang isang yunik na wika, may mga katangian itong iba sa mga wika sa Pilipinas, ang kaibahang ito ay identidad ng kanilang pagiging Mandaya. Subalit naisin man ng sinuman na maipreserba o mapanatili ang kultura at wika, dahil sa iba't ibang paktor ay nababago ita at untiunting umaayon o natutulad naman sa iba.

Rekomendasyon

Iminumungkahi at inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng masusing pagaaral tungkol sa pagkakaroon ng varyasyon

ng pagsasalita batay sa ponemang suprasegmental: tono, haba, diin at antala ng mga Mandayang matatagpuan sa mga Probinsya ng Davao Oriental, Davao del Sur at Compostela Valley

2. Bumuo ng ortograpiyang Mandaya upang maging gabay sa pagbabaybay at wastong pagsulat ng mga katutubong Mandaya sa buong probinsiya ng Davao Oriental.

Bibliyographi

- Coupland, N. (2007). *Style: Language Variation and Identity*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Ekert, & Rickford, J. (Eds.). (2001). *style and Sæiolinguistic Variation*. Cambridge: Cambridge University Press, 2001.
- Fromklin, V. et al. (2003). *An Introduction to Lang.e (7th Ed.)*. Thomson: Heinle.
- Giles, H., et al. (Eds.). (1991). *Context of Accommodation: Developments in Applied Sociolinguistics*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Gumperz, J & Hymes, D. (Eds.). (1986). *Directions in Sociolinguistics*. Oxford: Basil Blackwell Ltd.
- Halliday, M. et al. (1964). *The Linguistic Sciences and Language Teaching*. London: Longman, Green and Co. Ltd.
- Lewis, P.M., Simons, C.F., & Fennig, C.D. (eds.). 2013. *Ethnologue: Languages of the World*, Seventeenth edition. Dallas, Texas: SIL International. Retrieved from <http://wwnu.ethnologue.com>
- L-MACI (Lungga Mangmang Agong Center, Inc.). (2006). *Critique on selected published and unpublished works on Mandaya culture: Viewpoints of the Mandaya Mangkatadong (Elders)*. Mati City. Lungga Mangmang Agong Center, Inc.
- NCIP (National Commission on Indigenous Peoples). (2012). Retrieved June 5, 2012 from <http://www.ncip.gov.ph>
- NCIP (National Commission on Indigenous Peoples). (1997). *Historical accounts: The documents of conversion of CADC 108 to CADT*. Davao Oriental: National Commission on Indigenous Peoples
- Poplack, S. (1993). *Variation Theory and Language Contact*. In Preston, DR. (Ed.), *American Dialect Research* (pp. 251). Philadelphia: John Benjamin B.V.

TREES (Tribal Education on Ecological System) & I-MACI. (2006). Mandaya. Davao Oriental: Tribal Education on Ecologicd System

TREES. Yang kadudullog ng Mandaya. Tagum City: Tribal Education on Ecological System

Kabisaan ng Sanayang Aklat sa Paglinang ng Filipino 3 (Retorikang Filipino)

DOI: <https://doi.org/10.59120/drj.v9i1.31>

Raymund M. Pasion, Mary Ann S. Sandoval